# Sports development program sa mga paaralan palalakasin ni Mayor Joy

Upang mailayo ang mga kabataan sa illegal drugs at mahubog ang potential talents sa sports tulad ni Pambansang Kamao at Senator Manny Pacquiao ay nais ni QC Mayor Joy Belmonte na palakasin ang sports development program ng lungsod.

Ang pahayag ay ginawa ni Belmonte bilang reaksiyon sa pagsusulong ni Pangulong Rodrigo Duterte na magkaroon ng national Academy of Sports sa mga high school students bilang daan sa pagpapasigla ng sports sa mga kabataan.

Binigyang diin ni Belmonte na ang pagsusulong ni Pangulong Duterte sa sports academy ay isang ideal complement para sa sports development plan ng QC.

Noong mga huling araw ni Belmonte bilang Vice Mayor at presiding officer ng Quezon City Council, lumikha na ang lungsod ng isang comprehensive sports code kabilang na ang sports program para sa mga kabataan sa mga komunidad at paaralan sa QC. ***- Angie dela Cruz-***